




GRADE IV
REHIYON VIII – SILANGANG VISAYAS



ALAMIN MO



Masdan mo ang tulay. Ito ang pinakamahabang tulay sa buong bansa. Alam mo ba kung anong mga pulo ang pinagdurugtong nito?

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang mga sumusunod tungkol sa Rehiyon VIII:

- *Ang mga lalawigan at mga lungsod*
- *Lokasyon at Topograpiya*
- *Hanapbuhay at Produkto*





PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang bagong aralin, gawin mo muna ang mga sumusunod na pagsasanay. Isulat sa sagutang kuwaderno ang sagot.

A. Sipiin ang mga lalawigan ng Gitnang Visayas na matatagpuan sa kahon.

A	B	C	E	B	U	N	M	N	O	P	Q	R
B	A	C	D	O	F	E	G	H	I	G	K	L
C	D	E	F	H	I	G	K	L	M	N	O	P
D	E	F	G	O	H	O	I	G	K	L	M	N
E	F	G	H	L	G	R	K	L	A	N	O	P
F	O	P	Q	R	S	I	Q	U	I	J	O	R
G	H	I	J	K	L	E	M	N	O	P	Q	R
H	I	J	K	L	M	N	O	P	Q	R	S	T
I	J	K	L	M	N	T	U	V	W	X	Y	Z
G	H	I	J	K	L	A	B	C	D	E	F	G
K	L	H	I	J	K	L	M	N	O	P	Q	R


B. Itala ang mga lungsod na matatagpuan sa Gitnang Visayas.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.
- 8.
- 9.
- 10.





PAG-ARALAN MO



Ang mga Lalawigan at Lungsod

Ang Silangang Visayas ay binubuo ng dalawang malalaking pulo, ang pulo ng Leyte at ang pulo ng Samar at ng maliit na pulo ng Biliran.

Ang mga lalawigang bumubuo ng Rehiyon VIII ay Leyte, Southern Leyte, Eastern Samar, Northern Samar, Samar at Biliran. Ang mga lungsod ay Tacloban, Ormoc, Maasin, Calbayog.





Lokasyon at Topograpiya

Matatagpuan ang mga pulo ng Rehiyon VIII sa Silangang bahagi ng Kabisayaan. Halos mula hilaga hanggang timog ng kalagitnaan ng pulo ng Leyte ay bulubundukin. Ang kapatagan ay matatagpuan mula sa may baybayin ng lawa ng Carigara hanggang sa baybayin ng Golpo ng Leyte sa hilaga at timog ng Lungsod ng Ormoc.

Maburot naman ang Samar at Biliran at walang gaanong malawak na kapatagan sa mga pulong nabanggit.

Malakas ang mga pag-ulan sa hilaga at silangang bahagi ng rehiyon mula Nobyembre hanggang Enero. Pantay ang pagkakabahagi ng ulan sa buong taon sa kanlurang bahagi ng Samar at Leyte. Madalas ang pagbagyo sa Rehiyon VIII na nakapipinsala sa mga pananim at iba pang kabuhayan.

Ang Rehiyon VIII ay may kabuuang sukat na 21,986 metro kuwadrang parisukat.

Hanapbuhay at Produkto

Pagsasaka ang pangunahing gawain sa kapatagan. Ang mga pangunahing pananim ang niyog, palay at mais. Niyog ang pangunahing produktong pangangalakal. Napapaligiran ng dagat ang rehiyon kaya ang pangingsda ay isa sa mga pangunahing pinagkakakitaan ng mga tao.

May minahan ng tanso, pilak, ginto, karbon at bakal. May mga deposito rin ng buhangin, graba, bato at adobe.

Kilala rin ang rehiyon sa mga makasining at makukulay na banig na yari sa buli, pandan at ticug.

Sa Rehiyon VIII din matatagpuan ang San Juanico Bridge, ang pinakamahabang tulay sa bansa na nagdudugtong sa pulo ng Leyte at Samar. Malaki ang naitutulong ng tulay na ito sa pangangalakal ng mga produkto ng dalawang pulo.





PAGSANAYAN MO

A. Pagkatapos mong malaman ang mga impormasyon tungkol sa Silangang Visayas, punan ng impormasyon ang sumusunod na activity card. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.

Pangalan ng Rehiyon _____

Ang mga Lalawigan at Lungsod
na bumubuo sa Rehiyon

Lalawigan


Lungsod

Kabuuang Sukat _____


Likas na Yaman	Pangunahing Industriya	Mga Pangunahing Produkto



B. Punan ng mga impormasyon tungkol sa Silangang Visayas ang web: Isulat sa sagutang kuwaderno ang sagot.



Naisulat mo bang lahat ang kailangang impormasyon? Magaling.



- *Ang Rehiyon VIII ay nasa Silangang bahagi ng kabisayaan.*
- *Ang mga lalawigang kabilang dito ay Leyte, Southern Leyte, Eastern Samar, Northern Samar, Samar at Biliran.*
- *Ang mga lungsod na matatagpuan sa Silangang Visayas ay Tacloban, Ormoc at Maasin.*
- *Pagsasaka, pangingisda at pagmimina ang mga industriya sa silangang Visayas.*





- *Niyog ang pangunahing produktong pangalakal sa rehiyon.*



ISAPUSO MO

May pagkakataon kang maging *Guide* ng mga Balikbayan. Ibig nilang makarating sa Silangang Visayas. Saan mo sila unang dadalhin? Bakit? Ano-anong produkto ang maaari mong maipakita sa kanila? Bakit?



GAWIN MO

- A. Napag-aralan mo na ang mga lalawigan at lungsod na bumubuo ng Rehiyon VIII. Iguhit sa isang malinis na papel ang isa sa mga lalawigan at ilagay ang anyong-lupa at produkto na makikita rito. Gumamit ng pananda.
- B. Awitin ang sumusunod sa himig ng Bahay-Kubo.

Silangang Visayas

Silangang Visayas
Binuo ng tatlong pulo
Ang Leyte at Samar
At saka Biliran
Ang kanyang karagatan
Sa isda ay sagana
Niyog ang nangungunang produkto

Iparinig sa iyong mga kaklase ang awitin.





SAGUTIN MO

A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Aling mga pulo ang bumubuo ng Silangang Visayas?

- A. Tacloban, Ormoc, Calbayog
- B. Leyte, Samar, Biliran
- C. Cebu, Bohol, Negros Oriental
- D. Guimaras, Boracay, Camiguin

2. Alin ang pangunahing produkto ng Rehiyon VIII?

- A. Ticog
- B. Palay
- C. Mais
- D. Niyog

3. Aling mga lungsod ang matatagpuan sa Silangang Visayas?

- A. Silay, Cadiz, Bacolod
- B. Maasin, Ormoc, Baybay
- C. Calbayog, Ormoc, Tacloban
- D. Tacloban, Calbayog, Catbalogan

4. Paano makakaapekto sa kabuhayan ng rehiyon ang madalas na pagdaan ng bagyo sa kanilang pook?

- A. Bumagal ang pag-unlad ng rehiyon
- B. Dumating ang maraming turista
- C. Lumawak ang niyugan
- D. Dumami ang isda sa karagatan ng rehiyon

5. Paano nakatulong sa rehiyon ang pagkatayo ng Tulay ng San Juanico sa Samar at Leyte?



- A. Humaba ang oras ng pagbiyahe sa pagitan ng Samar at Leyte





- B. Dumami ang mga eskwater sa Lungsod ng Tacloban
- C. Bumilis ang kalakalan ng mga produkto ng Samar at Leyte
- D. Dumami ang mga eskwater sa Catbalogan

B. Tingnang mabuti ang mapa ng Rehiyon VIII. Tukuyin ang pangalan ng lalawigan sa tamang bilang. Isulat sa sagutang kuwaderno ang sagot.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.



